**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Knowledge in rhetoric and essay-writing skills of Grade 7 students

**Joylyn B. Pastrana**
Filamer Christian University Inc.
Roxas City, Capiz, Philippines
Email: Joylynbolardepastrana20@gmail.com

ABSTRACT

This study was conducted to thoroughly examine the knowledge in rhetoric and essay-writing skills of Grade 7 students at President Manuel Roxas Memorial Integrated School South, located on Hughes Street, Tanque, Roxas City, Capiz, during the School Year 2024–2025. It employed a survey-correlational research design to determine the relationship between two variables, wherein knowledge in rhetoric served as the independent variable and essay-writing skills as the dependent variable. Out of a total population of 238 students, seventy-five (75) participants were selected through quota sampling and the lottery method. A 25-item test was used to measure the students' level of knowledge in rhetoric, while a rubric—originally designed by the researcher with guidance from the adviser and validators—was utilized to assess essay-writing skills. The rubric consisted of four criteria: introduction of the topic, organization of ideas, artistic presentation of messages and demonstration of rhetorical knowledge, and concluding insights, with a total of twenty (20) points. The collected data were used exclusively for the purpose of the study and were processed through computer-based statistical tools such as standard deviation, frequency count, percentage mean, and Pearson r, using a .05 alpha level of significance. Findings revealed that the participants' level of knowledge in rhetoric was rated as "excellent," while their essay-writing skills were found to be "very high." Furthermore, a significant relationship was established between the two variables, indicating that a higher level of rhetorical knowledge contributes to the improvement of students' ability to compose essays effectively.

Keywords: rhetorical knowledge, essay-writing skills, Grade 7, survey correlational, rubric, President Manuel Roxas Memorial Integrated School South, Roxas City, rhetoric, writing

Date Submitted: August 10, 2025
Date Accepted: September 9, 2025
Date Published: October 7, 2025

---

DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404507

Recommended citation:
Pastrana, J. B. (2025). Knowledge in rhetoric and essay-writing skills of Grade 7 students. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 5471-5484. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404507

# Kaalaman sa retorika at kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grado 7

**Joylyn B. Pastrana**
Filamer Christian University Inc.
Roxas City, Capiz, Philippines
Email: Joylynbolardepastrana20@gmail.com

## ABSTRAK

Isinagawa ang pananaliksik na ito upang masusing suriin ang kaalaman sa retorika at kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South, Hughes Street, Tanque, Roxas City, Capiz sa Taong Panuruan 2024–2025. Gumamit ito ng survey correlational na disenyo upang matukoy ang ugnayan ng dalawang baryabol, kung saan ang kaalaman sa retorika ay itinuring na malayang baryabol at ang kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ay di-malayang baryabol. Mula sa kabuuang 238 mag-aaral, pitumpu't lima (75) ang napiling kalahok sa pamamagitan ng quota sampling at lottery method. Ang pagsusulit na binubuo ng dalawampu't limang (25) aytem ang ginamit upang masukat ang antas ng kaalaman sa retorika, samantalang isang rubrik na orihinal na binuo ng mananaliksik sa tulong ng tagapayo at mga balideytor ang ginamit upang tasahin ang kakayahan sa pagbuo ng sanaysay, na binubuo ng apat na pamantayan: pagpapakilala sa paksa, kaayusan ng mga ideya, masining na paglalahad ng mga mensahe at pagtataglay ng kaalaman sa retorika, at huling pananaw at pagwawakas, na may kabuuang dalawampung (20) puntos. Ang mga datos ay ginamit lamang para sa layunin ng pag-aaral at pinroseso sa pamamagitan ng computer-based statistics gamit ang standard deviation, frequency count, percentage mean, at Pearson r sa antas na .05 alpha level. Batay sa resulta, napatunayan na "napakagaling" ang antas ng kaalaman sa retorika ng mga kalahok at "napakataas" ang kanilang kakayahan sa pagbuo ng sanaysay, at higit sa lahat, may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol, na nagpapakita na ang mas mataas na kaalaman sa retorika ay tumutulong upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa epektibong pagbuo ng sanaysay.

Mga susing salita: kaalaman sa retorika, kakayahan sa pagbuo ng sanaysay, Grado 7, survey correlational, rubrik, President Manuel Roxas Memorial Integrated School South, Roxas City, retorika, pagsusulat

## PANIMULA

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang ugnayan ng kaalaman sa retorika at kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South, Hughes Street, Tanque, Roxas City, Capiz sa Taong Panuruan 2024–2025. Ang unang kabanata ay binubuo ng limang bahagi—ang kaligiran at balangkas teoretikal, paglalahad ng suliranin at ipotesis, kahalagahan ng pag-aaral, pagpapakahulugan sa mga katawagan, at saklaw at hangganan ng pag-aaral—na nagsilbing gabay sa kabuuang direksyon ng pananaliksik. Ang pag-aaral ay ginabayan ng teoryang konstruktibismo, na binibigyang-diin na ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon ng mag-aaral sa pagbuo

ng kaalaman batay sa sariling karanasan at interaksyon sa kapaligiran. Sa teoryang ito, ang pagkatuto ay hindi lamang basta pagkuha ng impormasyon, kundi isang proseso ng pagbuo ng kahulugan at pag-unlad ng sariling pag-iisip, kaya't ang pagsusuri sa kaalaman sa retorika at kakayahan sa sanaysay ay sumasalamin sa aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa wika at komunikasyon.

Ang retorika ay isang sinaunang sining na may malaking papel sa epektibong pagpapahayag ng ideya at damdamin. Nagsimula ito sa isla ng Sicily noong ika-limang siglo B.C. bilang paraan ng pakikipagtalo at pagpapahayag sa publiko (Limbaga, 2023). Sa mga sinaunang kabihasnan tulad ng Egypt, ginamit ito ng mga maharlika at babaylan bilang simbolo ng talino at kapangyarihan sa wika. Sa makabagong panahon, nananatili itong mahalagang kasanayan sa pakikipagtalastasan, sapagkat nagbibigay ito ng kakayahang gumamit ng mga tayutay, idyoma, at masining na pahayag upang palawakin ang kahulugan at maging mabisa ang pagpapahayag. Gayunpaman, binigyang-diin ni Bayadog (2016) na ang retorika ay walang saysay kung hindi ito isinasagawa nang may wastong paggamit ng mga salita, bantas, at konteksto. Sa mga halimbawa sa araw-araw, tulad ng mga maling paggamit ng salita na nagdudulot ng kalituhan o kahihiyan, makikita ang pangangailangang paghusayin ang kaalaman sa retorika upang maiwasan ang ganitong mga pagkakamali at mapanatili ang kabuuan ng mensahe.

Ang kaalaman sa retorika ay hindi lamang kasangkapan sa pananalita kundi maging sa pagsulat. Ayon kay Ki (2020), ang isang manunulat na may malalim na kaalaman sa retorika ay nakapaglalahad ng ideya nang masining at kapani-paniwala, kaya't nagiging epektibong tagapagpahayag ng damdamin at kaisipan. Sa ganitong diwa, lumalabas na ang kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ay hindi maihihiwalay sa retorika sapagkat ito ang nagbibigay-buhay at bisa sa mga ideyang isinasaad sa sulatin. Ang sanaysay, ayon kay Abadilla, ay nakasulat na anyo ng pagsasalaysay ng karanasan o pananaw; ito ay isang panitikang tuluyan na naglalayong magpahayag ng kuro-kuro, damdamin, o reaksyon hinggil sa mga makabuluhang paksa. Sa panitikang Filipino, ang sanaysay ay nagsisilbing kasangkapan ng manunulat upang ilahad ang mga karanasang panlipunan at personal sa malikhaing paraan. May pitong pangunahing elemento ang kakayahan sa pagbuo ng sanaysay—nilalaman at tema, istruktura at anyo, kaisipan, istilo at wika, larawang buhay, damdamin, at himig—na pinagsasama upang makabuo ng isang masining, makabuluhan, at kapani-paniwalang sulatin (Yasoña, 2024). Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Coquilla (2021) na ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ay hindi lamang nagpapalawak ng kaalaman sa wika kundi nagbubukas din ng kakayahang magpahayag ng sarili, magpuna, at magmuni-muni sa mga karanasan.

Ang paglinang ng kakayahan sa sanaysay ay may malaking ambag sa paghubog ng kasanayang komunikatibo, pagkamalikhain, at kritikal na pag-iisip ng mag-aaral (Chiamaka, 2023). Kabilang sa mga benepisyong dulot nito ang paghasa sa pagsusulat, pagpapabuti ng kakayahang magpahayag, pagpapaunlad ng pagkamalikhain, at pagiging handa sa propesyonal na larangan. Ang sanaysay ay nagiging daluyan ng pag-unawa sa kultura, lipunan, at sariling damdamin, kaya't ang pagkakaroon ng mataas na kakayahan sa pagsulat ay nagsisilbing salamin ng kabuuang pagkatuto sa wika. Samantala, ang kaalaman sa retorika ay nagiging sandigan sa pagbuo ng lohikal at masining na pahayag, na nagdudulot ng malinaw na ugnayan sa pagitan ng mga ideya. Sa ganitong pananaw, makikita na ang dalawang baryabol—kaalaman sa retorika at

kakayahan sa pagbuo ng sanaysay—ay kapwa mahalagang aspekto ng pagkatuto sa asignaturang Filipino, na may layuning linangin ang mabisang komunikasyon sa pasalita at pasulat na paraan.

Ang pananaliksik na ito ay ginamit ang survey-correlational na disenyo upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Mula sa kabuuang 238 mag-aaral sa Grado 7, pitumpu't lima (75) ang napili bilang kalahok sa pamamagitan ng quota sampling at lottery method. Ang pagsusulit na binubuo ng dalawampu't limang (25) aytem ay ginamit upang sukatin ang antas ng kaalaman sa retorika, samantalang ang rubrik na binuo ng mananaliksik sa tulong ng tagapayo at mga balidator ay ginamit upang tasahin ang kakayahan sa pagbuo ng sanaysay batay sa apat na pamantayan: pagpapakilala sa paksa, kaayusan ng ideya, masining na paglalahad at paggamit ng retorika, at huling pananaw o pagwawakas. Ang mga datos ay sinuri sa pamamagitan ng percentage mean, frequency count, standard deviation, at Pearson r, gamit ang .05 na antas ng kahalagahan upang matukoy ang ugnayan ng mga baryabol. Ang resulta ng pag-aaral ay may malaking implikasyon sa pagtuturo ng wika at pagsulat, dahil makatutulong ito sa mga guro sa pagpapahusay ng kurikulum, sa mga magulang sa paggabay sa mga anak, at sa mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang kasanayan sa retorika at pagsulat. Sa kabuuan, ipinapakita ng pananaliksik na ang kaalaman sa retorika ay may mahalagang papel sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbuo ng sanaysay, at kapwa ito dapat pagtuunan ng pansin sa proseso ng pagkatuto sa wika at panitikan.

## Paglalahad ng suliranin

Nakapukos ang pag-aaral na ito sa Kaalaman sa Retorika at Kakayahan sa Pagbuo ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School-South, Hughes Street, Tanque, Roxas City, Capiz sa Taong Panuruan 2024-2025.

Layunin ng pag-aaral na ito na bigyang kasagutan ang mga sumusunod na katanungan;

1. Ano ang antas ng kaalaman sa retorika ng mga mag-aaral sa Grado 7?
2. Ano ang antas ng kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grado 7?
3. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng mga antas ng kaalaaman sa retorika at kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral sa grado 7?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng survey-correlational na disenyo upang matukoy ang antas ng kaalaman sa retorika at kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South, Hughes Street, Tanque, Roxas City, Capiz sa Taong Panuruan 2024–2025. Ang disenyo ay pinili sapagkat ito ay angkop sa layunin ng pananaliksik na tuklasin ang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol—ang kaalaman sa retorika bilang malayang baryabol at ang kakayahan sa pagbuo ng sanaysay bilang di-malayang baryabol. Ayon kay Best na binanggit ni Furatero (2024), ang survey-correlational na disenyo ay ginagamit upang siyasatin ang mga kasalukuyang pangyayari at sitwasyon, tukuyin ang mga umiiral na relasyon, at magbigay ng malinaw na paglalarawan ng mga kaugnay na proseso, paniniwala, at kalakaran. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, layunin nitong tuklasin kung paanong ang antas ng kaalaman sa retorika ng mga mag-aaral ay may kaugnayan sa kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.

Ang populasyon ng pag-aaral ay binubuo ng 238 mag-aaral sa Grado 7, subalit 75 kalahok lamang ang napili upang lumahok sa pananaliksik gamit ang quota sampling na isinagawa sa pamamagitan ng lottery method. Ang bawat isa sa limang pangkat ng Grado 7—SPJ, Hope, Love, Faith, at Kindness—ay may tig-labinglimang kalahok. Ang desisyong ito ay naglalayong tiyakin ang representasyon ng bawat seksyon sa kabuuang sampol. Ang datos mula sa profile ng mga kalahok ay nagpakita na karamihan sa kanila ay nasa edad na 13–14 taong gulang (60%) at binubuo ng 62.7% na kababaihan at 37.3% na kalalakihan. Sa antas ng edukasyon ng mga magulang, natukoy na higit sa kalahati ng mga ina (53.3%) at ama (50.7%) ay nagtapos ng kolehiyo, samantalang ang karamihan sa mga ama (84%) at ina (62.7%) ay may permanenteng hanapbuhay. Ipinapahiwatig ng datos na ang mga mag-aaral ay nagmula sa mga pamilyang may katamtamang antas ng edukasyon at katatagang pangkabuhayan, na maaaring makaapekto sa kanilang kasanayan sa wika at pagsulat.

Tatlong pangunahing instrumento ang ginamit sa pananaliksik—ang personal na datos ng mga kalahok, pagsusulit sa kaalaman sa retorika, at rubrik para sa kakayahan sa pagbuo ng sanaysay. Ang unang bahagi, ang Personal na Datos ng mga Kalahok, ay naglalaman ng impormasyon tulad ng edad, kasarian, antas ng edukasyon ng mga magulang, at hanapbuhay. Ang ikalawang instrumento ay ang Pagsusulit sa Kaalaman sa Retorika na binuo ng mananaliksik sa tulong ng tagapayo at mga balidator. Binubuo ito ng dalawampu't limang (25) aytem na sumasaklaw sa wastong gamit ng salita, bantas, tayutay, idyoma, at mga matatalinhagang pahayag. Ang pagsusulit ay sumailalim sa pilot testing na sinagutan ng 30 mag-aaral na hindi kabilang sa aktuwal na kalahok. Sa pamamagitan ng item analysis, tanging ang mga aytem na may antas ng kahirapan sa pagitan ng 0.20 hanggang 0.80 ang pinanatili upang matiyak ang pagiging maaasahan ng instrumento. Ang antas ng kaalaman sa retorika ay inuri gamit ang sumusunod na iskala: 20.01–25.00 (Napakagaling), 15.01–20.00 (Magaling), 10.01–15.00 (Katamtaman), 5.01–10.00 (Di-Magaling), at 0.00–5.00 (Lubhang Mababa).

Upang masukat naman ang kakayahan sa pagbuo ng sanaysay, ginamit ang Rubrik sa Kakayahan sa Pagbuo ng Sanaysay na naglalaman ng apat na pamantayan: (I) Pagpapakilala sa Paksa, (II) Kaayusan ng mga Ideya, (III) Masining na Paglalahad ng Mensahe at Pagtataglay ng Kaalaman sa Retorika, at (IV) Huling Pananaw at Pagwawakas. Ang bawat bahagi ay may limang puntos, na bumubuo ng kabuuang dalawampung (20) puntos. Ang rubrik ay ginamit sa pagmamarka ng mga sanaysay ng mga mag-aaral sa paksang "Ang Kahalagahan ng Teknolohiya sa Pag-aaral." Ang marka ay inuri gamit ang sumusunod na iskala: 16.01–20.00 (Napakataas), 12.01–16.00 (Mataas), 8.01–12.00 (Katamtaman), 4.01–8.00 (Mababa), at 1.00–4.00 (Nangangailangan ng Tulong). Ang mga guro sa Filipino na nagsilbing hurado, kasama ang mananaliksik, ay gumamit ng rubrik na ito bilang batayan sa patas at sistematikong pagmamarka.

Bago isinagawa ang pangangalap ng datos, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa punong-guro ng paaralan at sa mga magulang ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pormal na liham. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang mga hakbang sa pagsagot ng pagsusulit at paggawa ng sanaysay, at ang kanilang karapatang tanggihan ang paglahok nang walang anumang parusa. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa ikatlong markahan ng Taong Panuruan 2024–2025. Sa unang araw, isinagawa ang pagsusulit sa kaalaman sa retorika, at sa sumunod na araw ay isinulat ng mga kalahok ang kanilang sanaysay batay sa ibinigay na tema, na hindi lalampas sa dalawampung (20) pangungusap. Ang lahat ng natipong sanaysay ay tinasa

gamit ang rubrik, at ang mga resulta ay ginawang batayan sa pagsusuri ng kaugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

Ang pananaliksik ay isinagawa alinsunod sa mga itinadhana ng Data Privacy Act of 2012 (RA 10173), kung saan tiniyak ng mananaliksik na mananatiling kompidensiyal ang lahat ng impormasyon at tugon ng mga kalahok. Ang mga datos ay ginamit lamang para sa layunin ng pag-aaral at hindi ipinamahagi o ginamit sa iba pang pananaliksik. Matapos makalap ang lahat ng datos, isinagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng Statistical Package for the Social Sciences (SPSS). Ginamit ang frequency count upang matukoy ang distribusyon ng mga tugon, mean upang ilarawan ang antas ng kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral, standard deviation upang suriin ang pagkakapare-pareho ng mga tugon, at Pearson r upang alamin ang antas ng ugnayan ng dalawang baryabol sa antas na 0.05 alpha level. Sa kabuuan, ang metodolohiyang ito ay nagbigay-daan upang maisagawa ang sistematikong pagsusuri ng ugnayan ng kaalaman sa retorika at kakayahan sa pagbuo ng sanaysay, na naging daan sa makabuluhang pag-unawa sa kanilang koneksyon sa konteksto ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Grado 7.

## MGA KINALABASAN AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga resulta at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa pitumpu't limang (75) kalahok sa Grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School South, Hughes Street, Tanque, Roxas City, Capiz sa Taong Panuruan 2024–2025. Ang mga kalahok ay napili mula sa kabuuang 238 mag-aaral sa pamamagitan ng quota sampling gamit ang lottery method upang matiyak ang patas na representasyon mula sa limang seksyon: SPJ, Hope, Love, Faith, at Kindness, na may tig-labinglimang (15) mag-aaral bawat isa. Ang pag-aaral ay ginamitan ng survey-correlational na disenyo upang matukoy ang ugnayan ng dalawang baryabol: ang kaalaman sa retorika bilang malayang baryabol at ang kakayahan sa pagbuo ng sanaysay bilang di-malayang baryabol. Ang pagsusuri ng mga datos ay isinagawa gamit ang computer-processed statistics sa tulong ng Statistical Package for the Social Sciences (SPSS), kung saan ginamit ang frequency count, percentage mean, standard deviation, at Pearson r sa antas na 0.05 alpha level upang masuri ang relasyon ng dalawang baryabol.

### Palarawang pagsusuri ng mga datos

### Kaalaman sa retorika ng mga mag-aaral sa Grado 7

Batay sa pagsusuri, natuklasan na ang antas ng kaalaman sa retorika ng mga mag-aaral sa Grado 7 ay nasa kategoryang "napakagaling" na may mean na 21.05 at standard deviation na 2.69. Ang resulta ay nagpapahiwatig na lubos na nalinang ang kanilang kasanayan sa paggamit ng retorika. Ipinakita ng mga mag-aaral ang kahusayan sa paggamit ng mga matatalinhagang salita, idyoma, tayutay, wastong gamit ng mga salita, at wastong bantas. Napansin ng mananaliksik na malinaw nilang naunawaan ang mga panuto sa pagsusulit dahil bawat bahagi ay may sariling gabay at paliwanag, kaya't mas madali nilang nasagutan ang mga katanungan nang may mataas na antas ng pag-unawa. Nagbigay din ng sapat na oras ang mananaliksik upang maisagawa ng maayos ng mga kalahok ang pagsusulit, kaya't naipakita nila ang kanilang pinakamataas na kakayahan sa retorika.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay aktibong nakikibahagi sa mga talakayan sa klase at sa mga gawaing pangwika na nangangailangan ng masining na paggamit ng wika, tulad ng paggawa ng patalastas at pagbuo ng sanaysay. Ang pagpapatupad ng Matatag Curriculum ngayong Taong Panuruan 2024–2025 ay nagbigay ng mahalagang ambag sa pagtaas ng antas ng kaalaman sa retorika sapagkat higit nitong binigyang-diin ang mga aralin tungkol sa malikhaing paggamit ng wika at pagpapahayag. Maaaring ang patuloy na paggamit ng wastong bantas, tayutay, at idyoma sa mga gawaing pampaaralan ay nakaambag sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral. Bukod dito, ang hilig ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga tekstong sagana sa matatalinhagang pahayag ay nakatulong upang mapayabong ang kanilang imahinasyon at mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa retorika.

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay mas mataas kumpara sa mga naunang pag-aaral. Sa pananaliksik ni Sorongon (2019) na pinamagatang Kasanayang Panretorika sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Baitang 7, nakuha lamang ng mga mag-aaral ang antas na "katamtaman," samantalang sa pag-aaral ni Bayadog (2016) na Kasanayang Panretorika ng mga Mag-aaral sa Ika-10 Baitang sa Asignaturang Filipino, nagtamo ang mga mag-aaral ng antas na "mahusay." Ang pagkakaibang ito ay maaaring maiugnay sa pagbabago ng kurikulum, integrasyon ng teknolohiya sa pagkatuto, at mas aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampanitikan.

Kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grado 7

Samantala, ipinakita ng resulta na ang antas ng kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grado 7 ay nasa kategoryang "napakataas" na may mean na 17.13 at standard deviation na 1.34. Ang mataas na marka ay nagpapahiwatig na mahusay ang mga kalahok sa pagpapakilala ng paksa, maayos na pag-aayos ng mga ideya, masining na paglalahad ng mensahe, at pagbibigay ng malinaw na konklusyon. Ang kanilang mga sanaysay ay may lohikal na daloy mula simula hanggang wakas at nagpapakita ng malikhain at masining na paggamit ng retorikal na kasanayan.

Napansin ng mananaliksik na ang mga mag-aaral ay gumamit ng mga tayutay at matatalinhagang pahayag sa kanilang mga sanaysay gaya ng "Ang teknolohiya ay parang ilaw na nagtuturo ng daan patungo sa mas mataas na kaalaman," "Ang teknolohiya ay parang kabayong mabilis tumakbo," at "Ang teknolohiya ay gabay na bituin." Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita ng malalim na pag-unawa at malikhaing paggamit ng wika upang maipahayag ang kanilang ideya. Ang paksang ginamit sa pagsusulat, "Ang Kahalagahan ng Teknolohiya sa Pag-aaral," ay malapit sa karanasan ng mga mag-aaral kaya't nakapagsulat sila ng mga sanaysay na puno ng kongkretong halimbawa at personal na refleksyon tungkol sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon. Binanggit nila ang tulong ng teknolohiya sa mabilisang pagkuha ng impormasyon, madaling pagpasa ng takdang-aralin sa mga online platform, at pagpapadali ng komunikasyon sa guro at kaklase.

Ang mataas na antas ng kakayahan sa pagsulat ay maituturing na resulta ng patuloy na pagsasanay ng mga mag-aaral sa iba't ibang gawaing pasulat na bahagi ng Matatag Curriculum. Sa klase pa lamang, sila ay tinuturuan ng kanilang mga guro na magsulat ng repleksyon, balita, talaarawan, iskrip para sa broadcasting, at mga lathalain, na lahat ay nag-aambag sa kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Ang ilang mag-aaral ay lumalahok din sa mga patimpalak sa

pagsulat tulad ng journalism na higit pang humahasa sa kanilang talento sa malikhaing pagpapahayag.

Ang mga natuklasan ay umaayon sa mga pag-aaral nina Malbas (2024), Bonuel (2020), at Bautista (2019). Ayon kay Malbas, sa kanyang pag-aaral na Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral sa Grado 12, nakuha ng mga mag-aaral ang antas na “napakataas.” Si Bonuel naman (2020), sa kanyang pag-aaral sa mga mag-aaral sa Grado 11, ay nakakuha rin ng “napakahusay” na resulta, habang si Bautista (2019) sa kanyang aklat na Kasanayan sa Pagsusulat ng mga Mag-aaral ay nagtala ng antas na “napakahusay.” Ang mga pagkakatulad ng resulta ay nagpapakita na ang paglinang ng kakayahan sa pagsulat ay progresibong umuunlad mula sa elementarya hanggang sekondarya dahil sa patuloy na pagsasanay at integrasyon ng wika sa iba’t ibang disiplina.

Inferensyal na Pagsusuri ng mga Datos

Sa pagsusuri ng relasyon ng kaalaman sa retorika at kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grado 7 gamit ang Pearson r, lumabas na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ang nabuong r-value ay 0.611 at may significance level (sig) na 0.000, na mas mababa sa 0.05 alpha level, kaya’t tinatanggap ang alternatibong ipotesis at itinatakwil ang null hypothesis. Ang resulta ay nangangahulugang may malakas na antas ng kaugnayan sa pagitan ng kaalaman sa retorika at kakayahan sa pagbuo ng sanaysay. Ibig sabihin, habang tumataas ang antas ng kaalaman ng mag-aaral sa retorika, mas umuunlad din ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay.

Ang kinalabasang ito ay nagpapakita na ang kaalaman sa retorika ay hindi lamang kasanayan sa paggamit ng wika, kundi isang pundasyon ng mabisang pagsulat. Ang mga mag-aaral na mahusay sa retorika ay nagiging mas epektibo sa lohikal na pag-aayos ng ideya, pagpili ng tamang salita, at paggamit ng mga masining na pahayag sa kanilang mga sanaysay. Ang ugnayang ito ay nagpapakita rin ng pagiging magkaugnay ng dalawang kasanayan: habang ang retorika ay tumutulong sa paglinang ng malikhaing pagpapahayag, ang pagsulat ng sanaysay naman ay nagsisilbing praktikal na aplikasyon ng kaalamang retorikal.

Ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay sinusuportahan ng pananaliksik ni Furatero (2024), na nagpatunay ng makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kaalaman sa panandang kataporik at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Tulad ng natuklasan sa pag-aaral na ito, ipinapakita rin sa kanyang pag-aaral na ang kahusayan sa paggamit ng mga kasanayang lingguwistiko at masining na pahayag ay may direktang epekto sa antas ng kahusayan sa pagsulat.

Sa kabuuan, ang mga natuklasan sa pag-aaral ay nagpapatunay na ang kaalaman sa retorika ay may makabuluhang ugnayan sa kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grado 7. Ang mga mag-aaral na may “napakagaling” na kaalaman sa retorika ay kadalasang nagtataglay ng “napakataas” na kakayahan sa pagsulat ng sanaysay, kaya’t dapat itong bigyang-pansin sa pagtuturo ng wika at panitikan. Ang paglinang ng retorikal na kasanayan ay dapat patuloy na isama sa mga gawain sa loob ng silid-aralan upang mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa masining, lohikal, at epektibong pagpapahayag sa pamamagitan ng pagsulat.

KONKLUSYON

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang tuklasin ang ugnayan ng kaalaman sa retorika at kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School–South, Hughes Street, Tanque, Roxas City, Capiz sa Taong Panuruan 2024–2025. Ginamit sa pananaliksik ang survey-correlational na disenyo na nakatuon sa pag-aaral ng relasyon ng dalawang baryabol—ang kaalaman sa retorika bilang malayang baryabol at ang kakayahan sa pagbuo ng sanaysay bilang di-malayang baryabol. Sa kabuuang 238 mag-aaral sa Grado 7, pitumpu't lima (75) ang napiling kalahok gamit ang quota sampling at lottery method. Ang mga instrumentong ginamit ay binubuo ng pagsusulit sa kaalaman sa retorika na may dalawampu't limang (25) aytem, at rubrik sa kakayahan sa pagbuo ng sanaysay na may dalawampung (20) puntos na nahahati sa apat na bahagi: pagpapakilala sa paksa, kaayusan ng mga ideya, masining na paglalahad ng mensahe at pagtataglay ng kaalaman sa retorika, at huling pananaw at pagwawakas. Ang mga datos ay inanalisa sa tulong ng computer-processed statistics gamit ang mean, standard deviation, at Pearson r na may antas na 0.05 alpha level.

Batay sa mga resulta, napatunayan na ang antas ng kaalaman sa retorika ng mga mag-aaral sa Grado 7 ay nasa kategoryang "napakagaling" (M=21.05, SD=2.69). Ipinapakita nito na mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng tayutay, idyoma, wastong bantas, at matatalinhagang pahayag. Ang mahusay na resulta ay maituturing na epekto ng maayos na implementasyon ng Matatag Curriculum, na nagbigay-diin sa pagpapalawak ng kaalaman sa retorika at masining na pagpapahayag. Samantala, natuklasan din na ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng sanaysay ay "napakataas" (M=17.13, SD=1.34), na nagpapakita ng kanilang kahusayan sa pag-oorganisa ng ideya, masining na pagpapahayag, at pagbibigay ng makabuluhang pananaw. Sa pagsusuri ng relasyon ng dalawang baryabol, napatunayang may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kaalaman sa retorika at kakayahan sa pagbuo ng sanaysay (r=0.611, sig=0.000), na nangangahulugang habang tumataas ang kaalaman ng mga mag-aaral sa retorika, mas umuunlad din ang kanilang kasanayan sa pagsulat. Ang resulta ay nagpapakita na ang retorika ay pundasyon ng masining na pagsulat, at ang kakayahan sa pagsulat naman ay konkretong manipestasyon ng pag-unawa at aplikasyon ng retorikal na kaalaman.

Mula sa mga kinalabasan, maaaring ipalagay na ang pagkakaroon ng mataas na antas ng kaalaman sa retorika ay hindi lamang nakatutulong sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral kundi nagiging instrumento rin sa pagpapalalim ng kanilang kritikal na pag-iisip at malikhaing pagpapahayag. Ang mga mag-aaral na mahusay sa retorika ay nagiging mas tiwala sa kanilang kakayahang ipahayag ang mga ideya sa parehong pasalita at pasulat na anyo. Sa kabilang banda, ang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ay nagbubukas ng mas malawak na oportunidad upang malinang ang lohikal na pag-iisip, organisasyon ng ideya, at pagpapahayag ng damdamin. Sa ugnayan ng dalawang baryabol, malinaw na ang retorika at pagsulat ay magkatuwang na kasanayan—ang una ay nagbibigay ng pormal at masining na pundasyon, at ang ikalawa ay nagsisilbing aplikasyon ng nasabing kaalaman.

Bilang paglalagom, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang mga mag-aaral sa Grado 7 ng President Manuel Roxas Memorial Integrated School–South ay nagtataglay ng mataas na antas ng kahusayan sa larangan ng wika at komunikasyon. Ang resulta ay nagpapakita ng epektibong paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo ng retorika at pagsulat sa ilalim ng Matatag Curriculum. Dahil dito, nararapat lamang na patuloy na mapalakas ng mga guro ang integrasyon ng mga gawaing nakatuon sa paglinang ng retorika at sanaysay sa mga aralin, gaya ng debate, spoken word

poetry, pagsusulat ng tula, at malikhaing sanaysay. Ang mga mag-aaral ay hinihikayat na ipagpatuloy ang pagbabasa ng mga akdang pampanitikan na naglalaman ng tayutay, idyoma, at matatalinhagang salita upang higit pang mapayabong ang kanilang bokabularyo at masining na pagpapahayag. Gayundin, ang mga magulang ay dapat makipagtulungan sa mga guro sa pamamagitan ng paggabay sa kanilang mga anak at paghikayat sa mga ito na lumahok sa mga gawaing pampanitikan at pangwika.

Para sa mga administrador ng paaralan, inirerekomenda na isama sa mga programa ng paaralan ang mga paligsahan sa pagsulat, writing workshops, at journalism training upang higit pang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat at retorika. Dapat ding tiyakin na may sapat na aklat at sangguniang babasahin sa silid-aklatan na magagamit ng mga mag-aaral sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman. Sa mga guro, mainam na gumamit ng makabagong pamamaraan at teknolohiya sa pagtuturo upang maging mas interaktibo at mas kapana-panabik ang mga aralin sa retorika at sanaysay. Para naman sa mga susunod na mananaliksik, maaaring palawakin pa ang saklaw ng pag-aaral na ito sa iba pang antas ng edukasyon at tuklasin ang iba pang salik na nakaaapekto sa ugnayan ng retorikal na kaalaman at kakayahan sa pagsulat.

Sa kabuuan, napatunayan ng pag-aaral na ang kaalaman sa retorika ay may makabuluhang epekto sa kakayahan sa pagbuo ng sanaysay ng mga mag-aaral. Ang mataas na antas ng dalawang baryabol ay nagpapakita ng tagumpay ng edukasyong lingguwistiko sa paaralan at nagbubukas ng panibagong pananaw sa pagpapalalim ng mga kasanayan sa wika at panitikan. Sa patuloy na paglinang ng mga kasanayang ito, ang mga mag-aaral ay mahuhubog bilang mga epektibong tagapagpahayag ng ideya, kritikal na tagapag-isip, at malikhaing manunulat na handang makibahagi sa makabagong lipunan.

## MGA TALASANGGUNIAN


Balbas, J. (2020). Pananaliksik tungkol sa sanaysay.

Bautista, C. P. (2019). Kasanayan sa pagsasalita, pagsulat at pagbabaybay sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7 [Di-nalathalang tesis sa Master ng Sining sa Pagtuturo]. Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Bayadog, L. Q. (2016). Kasanayang pambalarila, panretorika at pangkomunikasyon sa Filipino ng mga mag-aaral sa Grado 10 [Tesis na iniharap sa Kaguruan ng Paaralang Gradwado]. Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Belardo, A. (2022). Sanaysay.

Beldad, et al. (2020). Paggamit ng bantas.

Bonuel, M. J. D. (2020). Kasanayan sa pagsulat ng sanaysay, pagbigkas ng talumpati at performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa Grado 11 [Tesis na iniharap sa Kaguruan ng Paaralang Gradwado]. Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Chiamaka, A. B. (2023). Top 10 importance of writing essay.

Coquilla, M. G. (2021). Kahalagahan ng sanaysay.

Craige, M. (2017). Masining na pagpapahayag.

Cuananon, L. M. (2020). Retorika.

Culaba, M. B. (2022). Panahon ng Hapon.

Escala, S. M. (2024). Kaalaman sa dayalek, idyolek, sosyolek at kasanayan sa paggamit sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Baitang 11 [Tesis na iniharap sa Kaguruan ng Paaralang Gradwado]. Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Furatero, R. F. (2024). Kaalaman sa panandang anaporik at kataporik at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grado 7 [Tesis na iniharap sa Kaguruan ng Paaralang Gradwado]. Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Galingana, G. (2019). Kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa University of Perpetual Help System.

Garzon, V. (2019). Gabay sa kaibahan at wastong paggamit ng ng at nang sa pangungusap.

Hamilton, L. (2023). Balangkas ng sanaysay: Kahulugan at mga halimbawa.

Hidalgo, et al. (2025). Kakayahang komunikatibo sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 10.

Ibardaloza, C. M. D. (2023). Kasanayan sa pagsulat ng buod, sanaysay at pagbigkas ng talumpati [Tesis na iniharap sa Kaguruan ng Paaralang Gradwado]. Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Jusay, A. (2022). Batayang kaalaman sa retorika.

Ki. (2020). Kahalagahan ng retorika: Halimbawa at kahulugan nito.

Limbaga. (2023). Retorika at masining na pagpapahayag.

Lhynyu. (2022). Mga panahon ng pagkakaunlad ng sanaysay.

Malbas, E. E., & Rodriguez. (2023–2024). Epekto ng modernisasyon ng wika sa Filipino at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grado 11.

Mendoza, R. B. (2023). Kasanayan sa pagkilala ng mga matatalinhagang salita at paggamit nito sa pagsulat ng tula ng mga mag-aaral sa Grado 9 [Tesis na iniharap sa Kaguruan ng Paaralang Gradwado]. Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Moreno, V. (2024). Sanaysay ni Alejandro Abadilla: Pag-usisa sa Filipino panitikan.

Ortiz, A. (2017). Pagsulat ng sanaysay.

Padua, R. (2023). Wastong gamit ng mga salita.

Samal, L. B. (2021). Kahulugan ng retorika.

Schroeder, J. (2020). Paano sumulat ng balangkas ng sanaysay: Kumpletong gabay para sa mga mag-aaral.

Silvero, K. M. L. (2024). Kasanayan sa ortograpiya at pagsulat ng iba't ibang sulatin sa Filipino ng mga mag-aaral sa Grado 11 [Tesis na iniharap sa Kaguruan ng Paaralang Gradwado]. Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Sorongon, J. A. P. (2019). Kasanayang panggramatika, panretorika at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7 [Tesis na iniharap sa Kaguruan ng Paaralang Gradwado]. Filamer Christian University, Lungsod ng Roxas.

Yasoña, A. M. A. (2024). Sanaysay at malikhaing pagsulat ng mga mag-aaral tungo sa pagbuo ng manwal.

https://www.academia.edu/39280807/KAKAYAHAN_SA_PAGSULAT_NG_SANAYASAY_NG_MGA_MAG-AARAL_SA_UNIVERSITY_OF_PEPETUAL_HELP_SYSTEM_CAUAYAN_CITY_ISABELA_KABANATA_I_ANG_SULIRANIN_AT_KALIGIRAM_NG_PAG-AARAL_NITO_PANIMULA
(Hinalaw noong Disyembre 23, 2024).

https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/10/I215105868.pdf
(Hinalaw noong Oktubre 24, 2024).

https://www.cliffsnotes.com/study-notes/17037219
(Hinalaw noong Oktubre 19, 2024).

https://www.coursehero.com/file/27180597/PAHAYAG-prelim-1lecturedocx/
(Hinalaw noong Disyembre 29, 2024).

https://www.coursehero.com/file/63547951/kristine-researchdocx/
(Hinalaw noong Disyembre 16, 2024).

https://www.coursehero.com/file/74992064/Mga-Makatang-Pilipinodocx
(Hinalaw noong Disyembre 31, 2024).

https://educareforma.com.br/tl/balangkas-ng-sanaysay-kahulugan-mga-halimbawa
(Hinalaw noong Pebrero 11, 2025).

https://noypi.com.ph/sanaysay/#:~:text=Ang%20sanaysay%20o%20sa%20wikang%20Ingles%20ay%20isang
(Hinalaw noong Oktubre 22, 2024).

https://maestroaeious.blogspot.com/2015/05/pagpapahayag-ng-ideya-sa-matalinghagang_44.html?view=timeslide
(Hinalaw noong Oktubre 25, 2024).

https://www.padayonwikangfilipino.com/sanaysay-kahulugan-uri-elemento-bahagi/
(Hinalaw noong Disyembre 31, 2024).

https://www.padayonwikangfilipino.com/sanaysay-ayon-kay-alejandro-g-abadilla/
(Hinalaw noong Oktubre 19, 2024).

https://philnews.ph/2019/07/17/ng-at-nang-kaibahan-wastong-paggamit-ng-ng-at-nang/
(Hinalaw noong Disyembre 27, 2024).

https://philnews.ph/2020/12/30/kahalagahan-ng-retorika-halimbawa-at-kahulugan-nito/
(Hinalaw noong Marso 15, 2025).

https://www.researchgate.net/publication/388524082_KAKAYAHANG_KOMUNIKATIBO_SA_PAGSULAT_NG_SANAYSAY_NG_MGA_MAG-AARAL_SA_GRADE_10
(Hinalaw noong Pebrero 9, 2025).

https://sakahulugan.blogspot.com/2021/02/kahulugan-ng-retorika-ayon-sa-mga.html
(Hinalaw noong Oktubre 24, 2024).

https://www.scribd.com/document/673428481/Ang-Retorika-at-Masining-na-Pagpapahayag
(Hinalaw noong Oktubre 25, 2024).

https://www.scribd.com/document/507045838/Kahalagahan-ng-Sanaysay
(Hinalaw noong Nobyembre 28, 2024).

https://www.scribd.com/presentation/592236389/panahon-ng-hapon
(Hinalaw noong Enero 18, 2025).

https://www.scribd.com/document/490784184/Ano-ang-Kahulugan-ng-RETORIKA
(Hinalaw noong Enero 19, 2025).

https://www.scribd.com/document/593013991/Batayang-Kaalaman-sa-Retorika
(Hinalaw noong Marso 15, 2025).

https://www.scribd.com/document/645440088/Wastong-Gamit-ng-mga-Salita
(Hinalaw noong Enero 19, 2025).

https://www.slideshare.net/slideshow/pagsulat-ng-sanaysay/4974561
(Hinalaw noong Disyembre 31, 2024).

https://www.slideshare.net/slideshow/mga-natalakay-na-aralin-sa-filipino-7/38081604
(Hinalaw noong Nobyembre 4, 2024).

https://slideshare.net/slideshow/sanaysay-pptx/253072535
(Hinalaw noong Disyembre 31, 2024).

https://www.studocu.com/ph/document/daniel-b-pena-memorial-college-foundation/bsed-social-studies/sanaysay/81992473
(Hinalaw noong Disyembre 29, 2024).

https://www.studocu.com/ph/document/cavite-state-university/panitikang-panlipunan-sosyedad-at-literatura/aralin-2-kasaysayan-ng-retorika-sa-daigdig/34934602
(Hinalaw noong Oktubre 10, 2024).

https://www.studocu.com/ph/document/city-college-of-calamba/psychology/prelim-lesson-1-retorika/33439347
(Hinalaw noong Oktubre 19, 2024).

https://www.studocu.com/ph/document/titay-national-high-school/english/6-paggamit-ng-bantas/35489547
(Hinalaw noong Disyembre 28, 2024).

https://sumulat.ph/sanaysay-ni-alejandro-abadilla/#Sino_si_Alejandro_Abadilla
(Hinalaw noong Disyembre 31, 2024).

https://www.teachy.app/fil_PH/aklat/edukasyong-sekondarya/baitang-8/filipino/ang-kahulugan-ng-bantas-sa-nakasulat-na-komunikasyon-bb8dbe
(Hinalaw noong Oktubre 26, 2024).

https://worldscholarshub.com/tl/importance-of-writing-essay/
(Hinalaw noong Disyembre 31, 2024).